Paglilinis Pagkatapos Masalakay ng mga Daga

County ng Santa Clara
Vector Control District
1580 Berger Drive
San Jose, CA 95112
Lunes - Biyernes
7:30a.m. - 3:00p.m.
(408) 918-4770
vector.santaclaracounty.gov
vectorinfo@cep.sccgov.org
@sccvcd

District Services

Ang aming sinanay na mga technician ay available na magsagawa ng libreng in-speksiyon sa panlabas ng bahay. Sa panahon ng inspeksiyon, magbibigay sila ng payo sa naaangkop na paraan ng pagpain at paghuli, paghanap ng mga posibleng pasukan, at pagbibigay ng gabay sa pagkukumpuni. Upang mag-iskedyul ng inspeksiyon, mang-yar-ing tumawag sa aming opisina sa (408) 918-4770, o magsumite ng kahil-ingan ng serbisyo sa online sa vector.santaclaracounty.gov.

Kailangan ng tulong sa pagtukoy kung ang mga nakikita ay bakas mula sa mga daga, mga du-mi ng daga, o mga bakas ng pagkakangatngat? Ang mga larawan ay maaaring i-email sa vectorinfo@cep.sccgov.org para sa pagpapatukoy.

Paano Linisin ang mga Dumi at Ihi ng Daga

Maaaring palatandaan nang paglaganap ng daga ang kanilang mga dumi (tae) sa paligid ng iyong bahay. Mahalagang linisin ang ihi, dumi, at mga kontaminadong lugar sa pamamaraan na binabawasan nang husto ang potensyal na pagkakalat ng dumi o alikabok.

Personal Protective Equipment

- Gloves: Latex, rubber, o plastic.
- Mga respirator o dust-mask.
- Disinfectant: May pangkalahatang gamit sa bahay na disinfectant o bleach solution na magagawa sa bahay. Kung binili sa tindahan, tiyakin na ang label ay may salitang "**disinfectant**."

Homemade na Bleach Solution

- Gumawa ng bleach solution gamit ang 1.5 cups ng household bleach na nasa 1 galon ng tubig (o 1:9 na solution, 1 bahagi ng bleach sa 9 bahagi ng tubig).
- Maghanda ng bagong bleach solution sa bawat oras na ito ay kinakailangan.

Pamamaraan ng Paglinis

1. Magsuot ng personal protective equipment.
2. Mag-spray nang lubos sa mga ihi at dumi gamit ang bleach solution o binili sa tindahan na disinfectant hanggang sa ito ay basang-basa. Hayaan ang disinfectant na nakababad nang hindi bababa sa 5 minuto.
3. Gumamit ng paper towel sa paglinis ng ihi at disinfectant, at itapon ang mga ito sa regu-lar na inaalis ang laman na basurahan.
4. Pagkatapos malinis ang ihi at dumi ng daga, ulitin ang ikalawa at ikatlong hakbang sa kon-taminadong bahagi upang matiyak na na-disinfect ito nang lubos.
5. Bago tanggalin ang gloves, hugasan ang mga kamay na nakapaloob sa gloves ng sabon at tubig o disinfectant.
6. Tanggalin ang gloves at hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig.

Para sa karagdagang impormasyon sa proseso ng paglilinis pagkatapos masalakay ng mga daga, bisitahin ang cdc.gov/healthy-pets/rodent-control/clean-up.html

Iwasan ang mga Pamamaraan na ito ng Paglinis

- **Huwag** gumamit ng sumusunod na mga pa-mamaraan dahil maaari silang magsanhi ng mga virus mula sa dumi ng mga daga na naka-kakontamina sa kapaligiran.
    - Pagwawalis, paggamit ng vacuum (kahit na may HEPA filter), o high-pressure sprayer.